**PAGSASANAY**
**BAITANG 6 - FILIPINO**
**IKATLONG TRIMESTER**

**Panuto:** Isulat sa loob ng kahon ang kayarian ng pangungusap: PAYAK, TAMBALAN, HUGNAYAN, LANGKAPAN

1. Iba't ibang uri ng gulay ang itinanim ang magsasaka.
2. Naglilinis ng bahay si Mercy habang nagluluto si nanay.
3. Si Don ay mag-aaral ngunit hindi ito natuloy dahil nakatulog siya.
4. Abala ang pamilya sa paghahanda ng kaarawan ko.
5. Kami ay magsisimba at mamamasyal sa Linggo.
6. Aalis ka ba mamaya o sasama ka sa aming lakad?
7. Masaya ang koponan ni Mark dahil nanalo sila sa basketball.
8. Palagi kayong magdala ng payong.
9. Matutuloy ang ating lakad kung gaganda ang panahon.
10. Habang nagsasalita ang guro, nagsusulat ang mga mag-aaral sa kanilang kuwaderno upang mapag-aralan nila itong muli.
11. Ang kanyang ama ay isang sikat na pulitiko samantalang ang kanyang ina ay isang matagumpay na negosyante kaya naman ipinagmamalaki sila ng kanilang anak.
12. Kapag may itinanim, ikaw ay may aanihin.
13. Kung gumawa ka ng kabutihan sa iyong kapwa, ikaw ay papalain ng Maykapal.

FLETCH
FLEXIBLE LASALLIAN EDUCATION THROUGH TECHNOLOGY AND COLLABORATION AT HOME

LIVEWORKSHEETS
LIVEWORKSHEETS

14. Tuwang-tuwa ang mga bata sapagkat manonood sila ng sine kaya nagmamadali silang magbihis.

15. Umalis ang kanyang mga magulang kaya naman naiwan si Marc sa kanyang tita.



LIVEWORKSHEETS